## ANG MGA KATIWALA NG PAGPAPALA

**The Lord's Flock Worship Service Topic**

By: Rev. Fr. Sedfrey Nebres, SVD

Nobyembre 22, 2025

Ang kapistahan ng Kristong Hari ay hudyat sa katapusan ng liturhikal na taon. Ang kapistahang ito ay sumasalungat sa mapang-abuso, makapangyarihang mga lider sa kanluran at sa lipunan ng Europeo, kung saan ginagawang parang mga kagamitan lamang ang mga tao. Kaya, ito ay napapanahon para siyasatin ang mga kakanyahan ng isang lider sa Kristyanong konteksto sa pangangasiwa ng biyaya. Talaga nga na dapat maging MAYAMAN para maging katiwala sa kayamanan na magmumula sa kagandahang-loob ng ating Diyos.




1. Bakit tayo tinatawag na mga katiwala ng pagpapala?
   Tinatawag tayong mga katiwala ng pagpapala dahil ang lahat na pag-aari natin ay mga biyaya ng Diyos sa atin. Kasalungat ito ng KASALANAN.

2. Anong kayamanan ang dapat taglay ng isang lider para maging tunay na MAYAMAN?

   2.1 **MAAASAHAN.** Ang isang lider ay dapat maaasahan sa oras ng pangangailangan. Ang sugatang mundong ito ay magkakaroon ng maraming pagsubok na haharapin bilang bahagi natin sa paglalakbay sa mundo ito. Gayunpaman, ang mga pagsubok na iyon ay kayang-kayang dalhin at nagiging pagkakataon para lumago (kung maaasahan ang mga lider). Dagdag pa nito, ang taong pinagkakatiwalaan ay iginagalang ng mga tao. Tunay nga, si Hesus ang ating modelo na mapagkakatiwalaan.

   2.2 **KATAPATAN.** Ang katapatan ay hindi lamang ang kawalaan ng maski anumang pagkakamali o di-magandang asal ng isang tao. Ang lider na may integridad ay palaging naninindigan sa mabuti at sa tama anuman ang kalalabasan nito.

   2.3 **KAWANGGAWA.** Ang kawanggawa o caritas ay tungkol sa pagkabukas-palad at pag-ibig na ginagamit sa maraming kahulugan sa Bibliya. Kailangan ng isang lider ang lahat ng ito: marunong maglaan ng oras, talento, at nagsisikap na ibahagi ang biyaya. Sinabi ni Hesus: "Walang pag-ibig na hihigit pa sa pag-ibig ng isang taong nag-aalay ng kanyang buhay para sa mga kaibigan" (Jn. 15:13).

   2.4 **KABABAANG-LOOB.** Ang kababaang-loob ay nagtuturo sa isang lider na yakapin ang kanyang mga limitasyon at mga kamalian. Ang lider ay dapat:
   - marunong makinig sa boses at opinyon ng kapwa;
   - laging iniisip na isama ang iba, sabay-sabay lumago, at nagtutulungan;
   - mahahabagin sa mga nangangailangan; at
   - maunawain sa pagkakamali ng kapwa.

**Konklusyon:**

Nabubuhay tayo sa hindi magandang panahon kung ang ating mga lider ay garapalang inilalantad ang mga sarili bilang isang mayaman sa maling pamamaraan, sinasakmal ang ikinabubuhay ng mga tao. Sa kabaliktaran, dapat tayo ay mga lider na umaakay sa mga tao palapit sa puso ng Diyos. Kailangang maging tunay tayong MAYAMAN gaya ni Hesus na gumagabay sa atin tungo sa pinakadakilang kayamanan – ang langit.

**Pagninilay**:

1. Maaari ka bang asahan ni Hesus?
2. Bilang isang lider, kinikilala ka bang isang tunay na mayaman? Maaari ka bang asahan na umakay sa mga tao palapit sa puso ng Diyos?

**Scribes Ministry:**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
Na-edit ni: Sis Vera I. Tuplano
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #Layunin #Kahulugan